**Mga Umiiral at Planadong Alituntunin**
**sa pagpapalaganap ng pantay pantay na pagtingin sa iba’t ibang lahi**

**Ahensya ng mga Pag-aari ng Pamahalaan**

Ang isa sa mga pangunahing aktibidad ng Ahensya ng Pag-aari ng Pamahalaan (GPA) ay ang pagpapaupa ng mga sobrang pag-aari ng pamahalaan na may potensyal sa komersyo at magpatupad ng mga bagong inisyatibo sa komersyo kung naaangkop. Nagbibigay kami ng importansya sa paniniguro ng pantay na pagkakataong makuha ang mga serbisyo ng lahat ng miyembro ng publiko, anuman ang pinanggalingang etniko.

| | |
|---|---|
| Kabilang na mga Serbisyo | ● Kabilang sa mga serbisyong ibinibigay ng GPA ay ang (i) pag-alis ng mga sobrang lugar sa pamamagitan ng pagpapaupa o pagbenta at (ii) pag-alis ng mga sobrang pag-aari ng pamahalaan na may potensyal sa komersyo. |
| Mga Umiiral na Alituntunin | ● Ang isang imbitasyon upang maghandog ng alok nang pagbili ng dating lugar ng pamahalaan at ang presyo para sa pag-upa sa mga pag-aari ng pamahalaan ay maaaring makita sa website ng GPA sa dalawang opisyal na wika ng Hong Kong (i.e. Tsino at Ingles.) |
| | ● Ang taunang ulat at ulat pangkapaligiran ng GPA ay nakalathala rin sa parehong opisyal na wika sa aming website. |
| | ● Ang mga serbisyo sa iba pang wika ay isasaayos kung kinakailangan at kung naaangkop. |
| Pagtatasa ng mga Trabaho sa Hinaharap | ● Pinag-aaralan ng GPA ang aming mga serbisyo sa bawat panahon, nang may pananaw na matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao mula sa iba’t ibang lahi. |
| Karagdagang mga Alituntuning Isinasagawa/ Kailangang Gawin | ● Ang serbisyo sa interpretasyon ay isasaayos kung kinakailangan at naaangkop sa pamamagitan ng Center para sa Pagkakasundo at Pagpapaghusay ng mga Residenteng Minoryang Etniko (CHEER). Ang CHEER ay nabibigay ng serbisyo ng interpretasyon sa telepono sa |

walong wika, na Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese.

- Ang mga kawani ay isasaayos upang dumalo ng mga pagsasanay upang mapaghusay ang kanilang kaalaman at pagiging sensitibo sa pantay na pagtingin sa mga lahi.

- Ang GPA ay regular na nangongolekta ng mga impormasyon sa "pangangailangan para sa serbisyo ng interpretasyon/ pagsasalin" at "piniling wika" ng mga gumagamit ng serbisyo na nangangailangan ng serbisyo ng interpretasyon/ pagsasalin upang masuri ang epekto ng aming mga polisiya at alituntunin sa pantay na pagtingin sa mga lahi, at maipatupad ang patuloy na pagpapahusay ng probisyon para sa serbisyo.

- Ang mga umiiral na alituntunin ay regular na susuriin para sa patuloy na pagpapahusay.

- Ang mga puna/ mungkahi ay ikokonsidera rin upang makita kung ang mga pagpapahusay ay kailangang isagawa kung kinakailangan at naaangkop.

Para sa mga katanungna, mangyaring tumawag kay Mr. Michael LAM, Tumutulong na Sekretarya ng Departamento (Administrasyon)2 sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan -

| | | |
|---|---|---|
| Telepono | : | 3842 6797 |
| Fax | : | 2877 9423 |
| Email | : | enquiry@gpa.gov.hk |
| Address | : | Government Property Agency<br>9/F., South Tower<br>West Kowloon Government Offices<br>11 Hoi Ting Road, Yau Ma Tei<br>Kowloon |

**Ahensya ng Pag-aari ng Pamahalaan**
**Mayo 2023**